# Ang Paninikluhod Yugto 5

Ang Banal ana Kasulatan ay naglalahad ng higit pang mga halimbawa tungkol sa paninikluhod bilang makahulugang postura sa pagsamba sa Panginoon at maglingkod sa Kanya.

15- "Nguni't sa ganang akin, sa kasaganaan ng iyong kagandahang-loob ay papasok ako sa iyong bahay; sa takot sa iyo ay sasamba ako sa dako ng iyong banal na templo." (Awit 5:7) Dito ang Salitang sasamba ay 'Shachah', na ibig sabihin ay manikluhod. Ating sundan ang istilong ito at isagawa sa ating buhay sa paninikluhod sa paanan ni Jesus, pagpapasailalim ng ating buhay at kalooban sa Kanya. Ang mangaawit ay hindi lamang nanikluhod sa Diyos sa pagsamba ngunit ganon din siya pumaroon sa Kanyang tahanan. Sa gayon sa parehong paraan, ating parangalan ang Diyos sa pagpaparangal sa Kanyang simbahan at paglingkuran Siya sa Kanyang simbahan.

16- "At itinungo ni Josaphat ang kaniyang ulo sa lupa: at ang buong Juda at ang mga taga Jerusalem ay nangagpatirapa sa harap ng Panginoon, na nagsisamba sa Panginoon." (2 Cronica 20:18) Si Josaphat sa pagharap sa banta ng mga kaaway tinipon niya ang mga tao at pumunta sa templo ng Diyos, nagayuno at nanalangin, at iniharap ang kanilang mga kahilingan sa Panginoon na sumagot sa kanila at tiniyak sa kanila ang pagdating ng tagumpay. Samakatuwid bilang pagtugon doon ni Josaphat at ang lahat ng mga tao ay itinungo ang kanilang mga ulo at sumamba sa Panginoon. Kaya tayo ay manikluhod sa panan ng Panginoon sa bawat oras na Siya ay darating at tinulungan tayo, tiniyak sa atin o tugunin ang ating mga panalangin.

17- "10 At nang maalaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan ng pangalan siya'y pumasok sa kaniyang bahay (ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem); at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa.11 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito, at nasumpungan si Daniel na sumasamo at dumadaing sa harap ng kaniyang Dios." (Daniel 6:10-11) Si Daniel nang siya humarap sa mga banta at mga kaguluhan mula sa mga taong nanaghili sa kanya at nagplano laban sa kanya, hinarap niya ang mga kaguluhan at banta sa paninikluhod at pananalangain para sa Panginoon makaikatlo sa isang araw sapagkat iyon ang kanyang nakagawian. Ating gawin ang pareho at gawin itong isang punto sa ating buhay sa araw araw upang manikluhod, at manalangin sa paanan ng Panginoon, pagbibigay sa Kanya ng pasasalamat at paghingi sa Kanya ng tulong.

18- "1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel. 2 At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at lahat na makadidinig na may kaalaman nang unang araw ng ikapitong buwan.3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan.4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam.5 At binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan; (sapagka't siya'y nasa mataas sa buong bayan;) at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo: 6 At si Ezra ay pumuri sa Panginoon, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga mukha'y nakatungo sa lupa. (Nehemiah 8:1-6) Ang mga tao sa kanilang pagpaparangal sa Diyos at sa Kanyang Salita kanilang iniyukod ang kanilang ulo, at sumamba sa Panginoon ng kanilang mukha sa lupa. Pagyukod at pagpaparangal sa Salita ng Diyos sa bawat pagbabasa mo ng Bibliya; ipakumbaba ang iyong pandinig at makinig sa katuruan at magpasakop sa Salita ng Diyos na nagbigay sayo ng buhay, gaya ng sinabi ng Banal na Kasulatan, "Ikiling mo ang iyong pakinig, at iyong dinggin ang mga salita ng pantas, at ihilig mo ang iyong puso sa aking kaalaman." (Kawikaan 22:17)

19- "Lahat ng mga wakas ng lupa ay makakaalaala, at magsisipanumbalik sa Panginoon: at lahat ng mga angkan ng mga bansa ay magsisisamba sa harap mo." (Awit 22:27) Dito ang Salitang nagsisamba ay 'Shachah', na ibig sabihin ay nanikluhod. Walang ibang paraan upang maligtas at makaabot sa Langit maliban sa pamamagitan ni JesuCristong ating Panginoon., "Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa," (Filipos 2:10) Tayo ay manikluhod sa Kanyang paanan bilang ating tinanggap ang Kanyang kaligtasan, "Oo, lahat ng mga hari ay magsisiyukod sa harap niya: lahat ng mga bansa ay mangaglilingkod sa kaniya." (Awit 72:11)

20- "Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin." (Awit 95:6) Ito ang tamang pagtugon sa tawag ng Diyos upang pumarito at sumamba sa Kanya at handang maglingkod sa Kanya. "Ako'y sasamba sa dako ng iyong banal na templo, at magpapasalamat sa iyong pangalan, dahil sa iyong kagandahang-loob at dahil sa iyong katotohanan: sapagka't iyong pinadakila ang iyong salita sa iyong buong pangalan." (Awit 138:2) Dito ang Salitang sasamba ay 'Shacha', na ibig sabihin ay magsiyukod patungo sa banal na templo. Sa parehong paraan tayo'y sumamba sa Diyos sa pabibigay ng ating sarili at maglingkod sa Kanya sa Kanyang simbahan.

21- "6 Ano ang aking ilalapit sa harap ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng mataas na Dios? paroroon baga ako sa harap niya na may mga handog na susunugin, na may guyang isang taon ang gulang? 7 Kalulugdan baga ng Panginoon ang mga libolibong tupa, o ang mga sangpu-sangpung libong ilog na langis? ibibigay ko baga ang aking panganay dahil sa aking pagsalangsang, ang bunga ng aking katawan dahil sa kasalanan ng aking kaluluwa?" (Mikas 6:6-7) Hindi lamang sa pagyukod mo sa harapan ng Panginoon, and hindi lamang sa pagdadala ng iyong ikapu sa Kanya, ngunit ganon din kailangan mong baguhin ang iyong pag-uugali at ang iyong asal, at ang sumusunod

ay kailangan mong gawin sa Panginoon, "Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios." (Mikas 6:8) Kaawaan, kaganapan, at kababaang loob, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Diyos, ay ang inaasahan ng Diyos mula sayo bilang ikaw ay lumapit na manikluhod sa Kanyang luklukan.

22- "20 Nang magkagayo'y lumapit sa kaniya ang ina ng mga anak na lalake ni Zebedeo, na kasama ang kaniyang mga anak na lalake na siya'y sinamba, at may hinihinging isang bagay sa kaniya.21 At sinabi niya sa kaniya, Ano ang ibig mo? Sinabi niya sa kaniya, Ipagutos mo na itong aking dalawang anak ay magsiupo, ang isa sa iyong kanan, at ang isa sa iyong kaliwa, sa iyong kaharian.22 Nguni't sumagot si Jesus at sinabi, Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Mangyayari bagang inuman ninyo ang sarong malapit nang aking iinuman? Sa kaniya'y sinabi nila, Mangyayari.23 Sinabi niya sa kanila, Katotohanang iinuman ninyo ang aking saro: datapuwa't ang maupo sa aking kanan, at sa aking kaliwa, ay hindi sa akin ang pagbibigay; datapuwa't yaon ay para sa kanila na mga pinaghandaan ng aking Ama." (Mateo 20:20-23) Ang babae ito na dumating at nanikluhod sa Kanyang paanan ay nanalangin sa Kanya, Siya'y nagpakita ng kanyang pagmamalaki, pagkamakasarili, walang kababaang loob, at walang kaganapan "8 Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios." (Mikas 6:8) Siya ay pinilit ng kanyang dalawang anak na lalaki upang hingin sa Panginoon na ipagkaloob sa kanila ang pribelihiyo upang umupo sa Kanyang kanang kamay at ang isa ay sa Kanyang kaliwang dako. Hindi niya lubos nalalaman kung ano ang tungkol sa Kaharian ng Diyos at kung ano ang layunin ni Jesus sa pagparito sa sanglibutan. Sinagot ni Jesus ang babaeng iyon sa tuwirang pagsaway sa kanyang dalawang anak na lalaki, na mga apostoles, ngunit nabigong ipaliwanag sa kanilang ina ang katotohanan at itinulak nila siya na humiling ng isang bagay na mali mula sa Panginoon. Sila'y mga makasarili at walang kababaang loob at gumawa ng walang kaganapan sa iba. Upang manikluhod sa paanan ni Jesus, kailangan mong maunawaan na kailangan mong maging handa at handa sa pagtutuwid at yaon ang magiging daan upang ipakita ang iyong kababaang loob at ang iyong kahandaan na gumawa ng may kaganapan at lumakad ng may kababaang loob sa harapan ng Diyos.

23- "39 At siya'y lumabas, at pumaroon, ayon sa kaniyang kaugalian, sa bundok ng mga Olivo; at nagsisunod naman sa kaniya ang mga alagad.40 At nang siya'y dumating sa dakong yaon, ay sinabi niya sa kanila, Magsipanalangin kayo nang huwag kayong magsipasok sa tukso.41 At siya'y humiwalay sa kanila na may agwat na isang itsang bato; at siya'y nanikluhod at nanalangin,42 Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.43 At napakita sa kaniya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpalakas sa kaniya.44 At nang siya'y nanglulumo ay nanalangin siya ng lalong maningas; at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa." (Lucas 22:39-44) Si Cristo ay nahaharap sa gawain ng pagpapasa krus, Siya ay nanikluhod sa pananalangin sa paghahanap sa kalooban ng Diyos. Kapag ikaw ay humarap sa mga hamon upang gawin ang kalooban ng Diyos. Sa gayon manikluhod at isuko ang iyong kalooban at mga plano sa Diyos at ikaw ay papatnubayan upang sabihin ang tamang panalangin at babangon upang gawin ang tamang pagpapasya.

24- "1 Datapuwa't nang unang araw ng sanglinggo pagkaumagang-umaga, ay nagsiparoon sila sa libingan, na may dalang mga pabango na kanilang inihanda.2 At nasumpungan nilang naigulong na ang bato mula sa libingan.3 At sila'y nagsipasok, at hindi nila nangasumpungan ang bangkay ng Panginoong Jesus.4 At nangyari, na samantalang sila'y nangatitilihan dahil dito, narito, tumayo sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga damit:5 At nang sila'y nangatatakot at nangakatungo ang kanilang mga mukha sa lupa ay sinabi nila sa kanila, Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?6 Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa," (Lucas 24:1-6) Ang mga kababaihan na nagpunta sa puntod ng Panginoon, at habang sila'y nanikluhod na may takot sa Panginoon sila'y itinuwid sa isang nakakapagpatibay na mensahe at ng mabuting balita tungkol sa pagkabuhay ni Jesus. Sa gayon mabuhay at matakot sa Panginoon at ang Panginoon ang magtutuwid sa iyo para gawin ang tamang bagay at ikaw ay tatagubilinan at papaginhawain ka at ibibigay sayo ang mabuting balita at ang pagpapatibay na kailangan mo upang ipagpatuloy ang iyong buhay para mabuhay sa Kanya at paglingkuran Siya.

25- "36 At nang makapagsalita na siya ng gayon, ay nanikluhod siya at nanalanging kasama silang lahat." (Mga Gawa 20:36) "5 At nang mangyari na maganap namin ang mga araw na yaon, ay nagsialis kami at nangagpatuloy sa aming paglalakbay: at silang lahat, pati ng mga asawa at mga anak, ay humatid sa amin sa aming paglalakad hanggang sa labas ng bayan: at sa paninikluhod namin sa baybayin, kami'y nagsipanalangin, at nangagpaalaman sa isa't isa;" (Mga Gawa 21:5) Si Pablo at ang simbahan sa aklat ng Mga Gawa ay kinuha ang kasanayan ng paninikluhod sa pananalangin, kasama ang mga bata at ang kababaihan, tinanggap ang Salita ng Diyos at ang Kanyang kalooban sa kanilang buhay. Kaya tayo bilang simbahan kailangan natin kunin ang kasanayan ng paninikluhod sa paanan ng Panginoon, na may kababaang loob, kaunawaan at kahandaan na tanggapin ang pagtutuwid at kahandaan na gumawa ng kaganapan at lumakad ng may kababaan sa harapan ng Diyos.

Sa aking Mahal at Minamahal: "9 At pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri, at nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man,10 Ang dalawangpu't apat na matatanda ay mangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at mangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan na nangagsasabi,11 Marapat ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay nangagsilitaw, at nangalikha." (Pahayag 4:9-11) Sa Langit tayo ay magpapatirapa at mangagsisisamba sa Panginoon sa Kanyang luklukan, sa gayon mula ngayon kailangan mong gawin ang ganoong kasanayan at paguugali upang lumapit sa Diyos sa kababaan at ganap na pagsuko sa Kanyang kalooban.

"40 At lumapit sa kaniya ang isang ketongin, na namamanhik sa kaniya, at nanikluhod sa kaniya, at sa kaniya'y nagsasabi, Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako." (Marcos 1:40) Kay Jesus mayroong kapatawaran , kaligtasan, pagaaring-ganap, pagpapabanal, kagalingan,

at buong panunumbalik. Kaya lumapit sa Panginoon ng may mabuting paguugali, kababaang loob, pusong nagsisisi, handang sumunod sa Kanyang kalooban at plano bilang ikaw ay nagpapakumbaba sa Kanyang paanan at manalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng iyong daan at kung paanong isabuhay ang aking buhay sa iyo.

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan
Aking napagtanto ngayon ang lahat ng aking mga kasalanan at pagkukulang laban sa iyo at laban sa iyong Salita. Panginoon, linisin ako, pagalingin ako, tulungan ako, at panumbalikin ako upang maglingkod sayo. Panginoon ako'y handang tumalima sa iyong mabuting kalooban at plano at layunin. Panginoon, aking ipinapangako ang aking sarili upang makipagtulungan sa iyo para magparami ng higit ng Banal na Espiritu sa aking buhay, pagibig, kapayapaan, kaamuhan at kabutihan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili, upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay. Panginoon pusposin akong muli ng Banal na Espiritu at bigyan ako ng mga Espirituwal na mga kaloob na aking kailangan upang pumaroon at paglingkuran ka.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ibinigay ang kanilang buhay para sa iyo. Panginoon pagpalain sila at pusposin sila ng Banal na Espiritu at patuloy na turuan sila ng iyong mga daan upang sila'y maging epektibo na pumaroon at paglingkuran ka. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailngan.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan. muli pusposin kami ng Banal na Espiritu at paging dapatin kaming makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga lugar ng ebanghelyo ni Jesus at gumawa ng bagong mga disipolo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, pagpaparami sa kapayapaan ng may pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming luoain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com